# 1

Lakad-takbo ang ginawa ni Michelle. Hindi niya ininda ang malakas na pagbuhos ng ulan. Ang ibig niya ay lumayo, tumakbo nang tumakbo hanggang sa mapagod ang mga paa. Galit siya, hindi lamang sa lalaking lumoko sa kanya, kundi pati na rin sa kanyang sarili.

All her life, inisip niyang siya na ang pinakamagaling, pinakamatalino at pinakamasuwerte sa lahat ng mga kasabayan niya. Mataas ang kumpiyansa niya sa sarili. At maraming tao rin ang humahanga sa kanyang abilidad at talino bilang isang abogada. Marami ang nagsasabing maganda na siya ay may utak pa. Beauty and brains na karaniwang hinahanap ng isang lalaki sa isang babae.

Subalit sa pagkakataong ito, siya na yata ang pinakabobong tao sa larangan ng pag-ibig. Galing siya sa apartment ng nobyo niyang si Lex at mula sa nakaawang na pintuan niyon ay dinig na dinig niya ang usapan ng dalawang nilalang sa loob niyon. Ang kanyang nobyo at si Mia, ang kanyang sekretarya.

“Hindi mo lang alam, Mia, kung gaano ako

nasusuka everytime na magkasama kami ni Michelle," narinig niyang sabi ng kanyang nobyo.

"Kung gan'on ay bakit di mo pa siya hiwalayan? Matagal na rin naman akong nagtitiis na maging secretary niya. Ang gusto ko'y mag-resign at nang magkasama na tayo pero hindi ko magawa. Dahil ang gusto ko'y nababantayan ka sa bawat pagkakataong magkasama kayo ng bruhildang Michelle na iyon."

Impit namang napaiyak si Michelle sa likod ng nakaawang na pinto. Hindi siya handa sa mga narinig. Hindi niya akalaing niloloko lamang pala siya ng kasintahan. Napakalaki niyang tanga dahil hindi man lang siya nakahalata. Kaya pala ganoon na lamang ang closeness ng dalawa ay dahil may itinatago ang mga ito na kababalaghan.

Sa sobrang inis at galit ay sinugod niya ang mga ito sa loob ng silid.

"Mga walanghiya kayo! Ano'ng karapatan ninyong gawin sa akin ang panlolokong ganito?" histerikal niyang sabi kasabay ng pagsabog ng luha mula sa kanyang mga mata.

"M-Michelle!" tila natulalang usal ni Lex. Para itong nakakita ng multo sa hitsura ng mukha. Samantala para namang tinakasan ng kulay ang

mukha ni Mia sa biglaan niyang pagsulpot.

“P-paano mo nagawa sa akin ito, Lex?” tanong niyang may halong pagdaramdam. Oo nga at maayos naman ang mga ito nang abutan niya. Nakaupo lamang at tila mga love birds na naglalampungan, subalit ang mas nakasugat sa kanyang damdamin ay ang mga narinig niya.

“M-Michelle, magpapaliwanag ako sa ’yo, please,” ani Lex na halatang nataranta.

“Bakit pa, Lex? Hayaan mong malaman na niya ang buong katotohanan, once and for all,” sabat ni Mia nang makabawi sa kabiglaan.

“Mia, tumigil ka!” sansala ni Lex.

“Pero mas mabuti ’yung alam na niya ang relasyon natin.” Pagdaka ay humarap ito kay Michelle at namaywang. “Oo, tama ka, Ma’am Michelle, may relasyon kami at matagal na. At iyon ay nagsimula noong mga bata pa kami.”

“M-Mia, please ako na ang bahalang magpali—”

“Ako na nga, eh,” putol nito sa iba pang sasabihin ng binata. Binalingan siya nitong muli. “Bata pa kami ni Lex ay mataas na ang ambisyon namin. Ngunit wala kaming magawa para matupad

ang mga pangarap na iyon. Hanggang sa makilala ka namin. Pinaibig ka niya ayon sa aming plano. At ako nama'y nag-apply bilang sekretarya mo."

"Tama na, ayoko nang marinig," samo ni Michelle. Ngunit hindi nagpaawat si Mia, patuloy ito sa pagsasalita sa mas lalong malakas na boses.

Tinakpan niya ang mga tainga. Hindi na niya ibig na marinig ang nakasusugat na katotohanan. Hinang-hina man ang katawan dahil sa sobrang sama ng loob ay pinilit niyang makaalis sa lugar na iyon.

At ngayon nga, heto siya na tila isang kriminal na tumatakas sa katotohanang niloko lamang siya ng nobyo. Ang ibig niya ay lumayo subalit parang nasa likuran lamang niya ang tinatakasang katotohanan. Ngunit alam niyang malayu-layo na rin ang kanyang narating. Giniginaw siya dahil basa na ang kanyang damit. Malakas ang hangin at ulan na patuloy na humahagupit sa kanya. Madilim ang kapaligiran at wala kahit isang taong nasa lansangan. Wala ring ilaw ang mga posteng nadaanan niya.

May nadarama siyang takot dahil sa madilim na lugar na kinasuungan niya. At pakiramdam niya ay magko-collapse na siya sa sobrang ginaw.

Ngunit isang malawak na bakuran ang kanyang namataan sa di-kalayuan mula sa kanyang kinatatayuan. Lumapit siya roon at nabatid niyang bukas ang tarangkahan ng bakurang iyon.

Lakas-loob siyang pumasok doon upang makahingi ng tulong. Nanginginig na ang kanyang katawan sa sobrang lamig na nararamdaman. Nang makapasok sa looban ay napansin niyang bukas ang pintuan ng kabahayan. Walang pangingiming pinasok din niya iyon. Malayu-layo rin ang natakbo niya at dahil hindi siya lumilingon kanina, hindi niya alam kung saan siya nakarating. Wala ring patid ang kanyang pagluha. Ang likidong nanggagaling sa kanyang mga mata ay tila walang katapusan.

Pagpasok ni Michelle sa loob ng kabahayan ay napuna niya agad ang lalaking nakahandusay sa sahig. Agad niya itong tiningnan. Nabatid niyang lasing na lasing ito. Ang katunayan doon ay ang nagkalat na bote ng alak sa magulong salas. Sandali niyang nakalimutan ang damdamin ng pusong nasaktan; umiral ang kanyang pagkamaawain at mapagkalinga sa kapwa. Marahil sa sobrang kalasingan ay natumba na ang lalaki sa sahig, conclusion niya.

Subalit wala ba itong kasama man lang sa

bahay? Minsan pa, inilinga niya ang paningin sa loob ng kabahayan. Halatang kulang sa ayos at linis ang bungalow. May isang silid sa gawing kaliwa at isa pa patungo sa kusina. Walang masyadong gamit ang naturang bahay maliban sa isang refrigerator, isang 14-inch TV at kalang gasul na palagay niya ay hindi naman napaglulutuan dahil puro kalawang na ito. Walang carpet ang malamig na sahig kung saan nakahandusay ang lalaki. Wala ring palamuti ang dingding na kulay puti ngunit dahil puro alikabok at sapot ng gagamba ay naging kulay krema na iyon. Ang nag-iisang painting na nakasabit doon ay tabingi na ang pagkakasabit.

"Tao po, m-magandang gabi po," ani Michelle habang patuloy na iginagala ang paningin sa paligid. Ngunit walang sumasagot. *Marahil ay talagang nag-iisa lamang ang lalaki sa bahay nito*, aniya sa isip.

Naglatag si Michelle sa sahig ng isang tuwalya na nakita niyang nakapatong sa sofa. Muli niyang binalingan ang lalaki na nakahiga sa sahig at hinila ito papahiga sa tuwalya. Pagkatapos ay tinungo niya ang kusina at kumuha ng maligamgam na tubig. Pupunasan niya ang lalaki upang kahit paano ay maging komportable ito. Ganoon nga ang kanyang ginawa.

Habang hinihintay na magkamalay ang lasing na lalaki ay hinubad niya ang blazer na suot. Isinampay niya iyon sa isang silya sa kusina. Nang makita ang kape at asukal ay natukso siyang magtimpla ng isang tasa para sa sarili upang kahit paano ay maibsan ang pagkaginaw.

Hindi naman siguro mamasamain ng di-kilalang lalaki kung magtimpla man siya ng isang tasang kape. Muli siyang napasulyap sa natutulog na lalaki. Napangiti si Michelle. Bagaman halata ang pagkaaburido ay hindi maikakailang guwapo ito. Mas nakadagdag pa sa appeal nito ang tumutubong bigote at balbas na napabayaan yata at hindi naahit ng ilang linggo. Nagbigay iyon ng aura ng pagiging istrikto. Matangos ang ilong nito na bumagay sa hugis ng mukha. Tila ito walang alam sa mundo sa pagkakahimbing ng tulog. Mananakawan na pala ito nang hindi nito nalalaman. Mabuti na lamang at siya ang nakakita sa bukas na pamamahay nito.

Nasa ganoon siyang pag-iisip nang magising ang lalaki at sumuka. Nilapitan niya agad ito upang mahagod ang likod. Kunot ang noong napatingin sa kanya ang lalaki. Magtatanong sana ito kung sino siya ngunit naunang lumabas ang suka nito kaysa sa mga salita.

Matapos itong sumuka ay napahigang muli ito. Napailing na lamang si Michelle at muling pinabayaang makatulog ito. Sandaling napatulala siya nang makita ang isinuka nito. Nag-alinlangan siya kung lilinisin ba iyon o pababayaan na lamang.

Ngunit natagpuan niya ang sariling nililinis iyon. Kunot ang noong nagkibit-balikat na lamang siya. Tinungo niya ang salaming bintana at sumilip mula roon. Nagsusungit pa rin ang panahon. Malalim na ang gabi subalit wala pa ring tigil ang pagbuhos ng malakas na ulan. Parang mas lumakas pa nga iyon kaysa kanina. May mga nagkalat na ring putol na sanga ng punongkahoy at mga yero kung saan-saan. Hindi pa siya puwedeng umalis sa bahay na iyon.

Naupo si Michelle sa sofa na pang-isahan. Dahil sa nadaramang lamig ay namaluktot siya roon. Namataan niya ang bote ng alak na hindi pa nabubuksan. Alam niyang makakatulong iyon para medyo mainitan siya. Kinuha niya iyon at tinungga matapos buksan. Nasamid siya dahil sa sobrang init na gumuhit sa kanyang lalamunan.

Bigla niyang naalala ang dahilan ng pagsugod niya sa kabila ng malakas na pagbuhos ng ulan. Nagbangong muli ang pagkamuhi niya sa nobyo. At

kahit pigilan niya ay kusang tumulo ang kanyang luhang pansamantalang nagpahinga. Napakasariwa pa ng sugat na nilikha ni Lex. At totoong napakasakit niyon. Sumusugat nang paulit-ulit ang di-nakikitang punyal sa kanyang puso. Napahagulhol si Michelle. Muli siyang tumungga ng alak. Sa tindi ng sakit na nadarama sa dibdib ay himalang hindi niya nadama ang init ng inumin na muling gumuhit sa kanyang lalamunan.

Uminom siya nang uminom hanggang sa malasing. At dahil hindi sanay uminom ay agad siyang nakatulog.

Nagising si Michelle na tila may mga matang nakatunghay sa kanya at mataman siyang pinagmamasdan. Mula sa pagkakabaluktot sa pang-isahang sofa ay nagsimula siyang magmulat. At hindi nga siya nagkamali. Ang lalaking nadatnan niyang lasing na lasing kagabi ay nakatanghod sa kanya na para bang may malaki siyang atraso rito para bigyan ng matatalim na titig.

"May limang minuto ka para magpaliwanag kung bakit ka nandito sa bahay ko at kung bakit nakikape ka pa at nakiinom ng imported na alak ko?" tuluy-tuloy na tanong ng lalaki habang nakahalukipkip.

Napakusot siya nang ilang ulit sa sariling mga

mata; saglit na tumingin sa relong pambisig. Alas cuatro pa lang pala ng madaling araw. Ngunit bakit pagalit ang paraan ng pagtatanong ng lalaking ito sa kanya? Para bang napakalaki ng nagawa niyang kasalanan dito.

Oo nga at hindi siya nagpaalam nang tumuloy sa bahay nito, pero lasing na lasing na ang lalaki at halos walang malay nang abutan niya. Paano pa nito malalaman na nagpaalam siya? At isa pa, kailangang-kailangan niya ng masisilungan.

“Hey, lady, nalunok mo ba ang dila mo’t di ka makapagsalita? O dahil nasukol na kita sa masama mong balak?” malamig na tanong pa rin ng lalaki. “Tell me, may mga kasama ka ba na pumunta dito kagabi? Miyembro ka ba ng Akyat-Bahay Gang?”

Doon na totoong naghimagsik ang ego ni Michelle. Ano ang akala ng aroganteng lalaking ito sa kanya, na isa siyang magnanakaw?

*Oh, hell, mukha ba akong magnanakaw?*

Bulag ba ang bintangerong lalaking ito at hindi napansin ang kanyang ganda? Bakit ba sobra-sobra ang malas niya simula pa kahapon? Parang gusto na yata niyang magwala.

“Wala akong ibang kasama dito kagabi at huwag

mo akong paghinalaan ng masama!" pagtatanggol ni Michelle sa sarili. Tumayo na rin siya mula sa pagkakabaluktot sa sofa. Ngunit sa malas ay nakatingala pa rin siya rito, kahit nang nakatayo na siya.

"And you want me to believe you? Cut the sh*t, lady, I am not a fool." Baritono pa rin ang tinig nito. But this time, nagtatagis na ang bagang nito.

Sandaling hindi nakapagsalita ang dalaga sa nakitang galit sa mukha ng kaharap. Lalong sinakmal siya ng takot nang bigla siyang sambilatin nito sa magkabilang balikat.

"Go away, habang kaya ko pang pigilin ang sarili ko." Marahas siya nitong kinaladkad palabas ng bahay.

Nagpumiglas si Michelle, hindi dahil ayaw niyang umalis sa pamamahay nito, kundi dahil hindi na nito kailangang gamitan siya ng puwersa para gawin niya iyon. Ngunit ano ba naman ang lakas niya kumpara sa lakas at tikas ng lalaki?

Sa kabila ng pagpupumiglas niya ay nagawa pa rin siya nitong mailabas sa bahay na iyon.

*The beast!* nasabi ng dalaga sa sarili matapos isara ng supladong lalaki ang pinto ng bahay nito.

Masungit pa rin ang panahon. Subalit ang aroganteng lalaking iyon ay pinagtulakan pa siya sa labas. Walang puso. Katulad din ito ng ibang lalaki…ng nobyo niyang si Lex. Tiningnan niya ang wristwatch. Alas cuatro y media pa lamang ng madaling araw.

“Kairita talaga ang lalaking iyon!” angil niya. Napakadilim pa rin at ni wala siyang maaninag na ligtas daanan. Nagkalat kasi ang mga dahon, yero, bakal at kahoy na naputol sa kung saang bahagi ng puno.

Malakas ang ulan, susugod na naman ba siya? Napailing siya sa kamalasang nararanasan. Naisip niya ang taksil na nobyo. Kung hindi dahil dito marahil ay sitting pretty lang siya ngayon sa loob ng kanyang bahay.

Pero sinabi ba ni Lex na sumugod siya sa ulan? Inis na nagpapadyak siya habang binabagtas ang daan palabas ng bakuran ng masungit na lalaki. Naiinis siya sa nobyo niya. Nagagalit siya sa kamalasan niya at lalo na sa sarili niya. Ngayon pa lamang niya nakilala ang totoong siya. Hindi pala siya matalino o matapang.

Naglalakad si Michelle na halos wala nang nakikita. Bukod kasi sa hilam ng luha ang kanyang

mga mata ay nahaluan pa iyon ng tubig-ulan. Umiyak siya nang umiyak. Hindi niya akalaing ang matatag na si Maria Michelle Salveron ay magpapakita ng kahinaan sa madla. Kahit batid niyang walang ibang nakakita sa kanya, sa sarili siya lubhang nahihiya.

Bigla siyang napasigaw dahil sa pagkatapilok sa nakausling bato malapit sa gate.

*Sh*t talaga!* mura niya sa isip. Nadagdagan na naman ang kanyang kamalasan. At parang umusli yata ang bukung-bukong niya. Ilang sandali pa at napansin niyang namamaga na ito. Mahirap na rin iyong ilakad.

Nagpasya siyang maupo sa isang putol ng kahoy na nalaglag sa lupa. Hihilutin muna niya ang nasaktang paa.

# 2

Nabigla si Michelle sa paglatag ng tuyo at mainit-init na jacket sa kanyang balikat. Nagtaas siya ng tingin sa nakatayong lalaki na naglagay niyon. Iyon ang supladong lasenggero. Hindi ito nakangiti subalit hindi rin naman nakasimangot. May dala itong payong at inilahad ang kanang kamay upang siya ay alalayan.

“Come,” anito sa kanya.

Umirap siya sa lalaki. Ano ang ginagawa nito rito? Ang alam niya ay pinagtabuyan na siya nito palabas ng pamamahay nito. Ano at bigla na lamang itong bumait ngayon? At binigyan pa siya ng jacket? Halos kanina lamang ay tila may malaki siyang kasalanan o nakakahawang sakit na ipinagtabuyan nito.

“I said, come.” Matigas na ang tono ng kaharap. Tila naiinis dahil sa pagpapa-hard-to-get niya.

“Bakit pa? Pinaalis mo na nga ako, di ba? So leave me alone.”

“Para magkaroon pa ako ng kargo de konsyensya kapag iniwan kita, ganoon ba?”

“Wala kang magiging kargo. Basta isipin mo na lang na hindi mo ako nakita.” Tumayo siya at humakbang, nakalimutan ang napilayang paa.

Muntik na siyang matumba sa sakit na dulot ng biglaan niyang kilos. Mabuti na lamang at maagap siyang nasalo ng katabing lalaki.

“May pilay ka pala,” anitong tila may pag-aalala sa tinig. Ewan niya kung nagkamali lamang siya ng rinig.

Bago pa siya makapagsungit ay mabilis na siyang nabuhat ng lalaki patungong muli sa bahay nito. Iniwan na nito ang payong na dala-dala. Ibig niyang magpumiglas, pero lalo lamang sumasakit ang paa niya.

Narating nila ang loob ng bahay na pareho nang basang-basa sa ulan. Itinuloy siya ng lalaki sa sariling silid nito kaya agad siyang umalisto. Ano ang gagawin nito sa kanya roon? May pandalawahang kama sa loob ng kuwarto at isang mahabang sofa. Carpeted ang sahig ngunit batid niyang puro alikabok na iyon. Sa sofa siya nito ibinaba. Tapos ay tinungo nito ang closet. Kumuha ito ng isang t-shirt, jogging pants at isa pang jacket. Ibinigay nito ang mga iyon kay Michelle.

"Magbihis ka muna. Mahirap matuyuan ng basa sa katawan," sabi nito at saka lumabas ng silid matapos kumuha ng damit na para naman sa sarili nito.

Naiwang nakatulala pa rin ang dalaga; gulung-gulo ang isip sa kinahinatnan ng buhay niya ngayon. Aping-api ang pakiramdam niya sa sarili. Isang talunan. Isang nilalang na nag-akalang siya ay matatag at matapang.

Hindi niya alam na mayroon pala siyang itinatagong kahinaan. Alam ng Diyos kung gaano niya kamahal ang kanyang nobyong si Lex. Ang lahat sa kanya ay nakaayos at nakatakda na rin ang kanilang kasal. May mga plano na sila para roon ngunit sa isang iglap lamang ay biglang nabalewala iyon. Parang napakasarap na cake na biglang napatapon sa kanal. Hindi na maibabalik, hindi na maaayos pa at lalong hindi na mapapakinabangan. Ganoon ang kinalabasan ng plano nilang pagpapakasal. Iyon ang kinalabasan ng pangarap niyang kung ilang panahon niyang binuo sa isipan.

Isinubsob niya ang mukha sa dalawang palad. Sa sobrang awa sa sarili ay umiyak siya nang umiyak. Sa mga sandaling ito ay mas nanaisin pa niyang mamatay.

Napansin ni Michelle ang kanang paa na napilayan. Sa sobrang inis ay pinaghahampas niya iyon ng kamay. Wala siyang pakialam kahit kumikirot iyon. Kung puwede nga lang ay mamatay na siya sa pamamagitan niyon. Ibig niyang maglaho na lamang sa mundo na parang bula.

“Hey, what the hell are you doing?” bungad ng lalaki sa silid. Agad siya nitong dinaluhan sa pagwawala. Pilit nitong hinuli ang dalawang kamay niya.

“Pabayaan mo ako, gusto ko nang mamatay!” Hysterical na ang kanyang tinig habang walang tigil sa pagluha.

“Look, ano ba’ng problema mo at nagkakaganyan ka? Kung gusto mong mamatay, huwag dito sa bahay ko. Ayokong madamay,” anitong nanggigigil sa galit.

“O sige, palabasin mo ako sa bahay mo at nang di ka nga madamay, Mr. Duwag!” sigaw ni Michelle na hindi na inisip ang sinasabi.

Sandaling nagtagis ang bagang ng lalaki at nagdilim ang mukha.

“Hindi ako duwag! Jack ang pangalan ko. At tumigil ka nga sa pag-iisip ng tungkol sa pagpapakamatay. Magpalit ka na lang ng damit mo

at nagsisimula ka nang matuyuan ng basang damit. Huwag nang matigas ang ulo mo at baka ako pa ang pumatay sa 'yo," pahayag pa nito. Ewan ng lalaki kung bakit nito nasabi iyon. Siguro ay para lamang matahimik ang nagwawalang babae.

Natigilan nga siya at napatingin sa kaharap. Hilam pa rin ang luha ang mapupungay niyang mata.

*God, she's beautiful*, nausal ng binata sa sarili. Bago pa ito nakahuma ay nakalapit na si Michelle dito.

"Puwede mo akong angkinin kung gusto mo…" ani Michelle sa paos na tinig na marahil ay dahil sa kasisigaw. Ang kanang kamay niya ay nagsimulang sumalat sa mukha ng kaharap. Nilaru-laro ng hinlalaki niya ang mga labi ng estranghero. Wala siyang ibang nasa isip kundi magpakasira na nang tuluyan.

"Miss, hindi mo alam ang sinasa—" Hindi na nito naituloy pa ang pagsasalita. Sinaklit ni Michelle ang ulo nito pakabig upang sibasibin ng nanunuksong halik. At agad namang tumugon ito. Mas mapusok, mas maalab at mas nang-aarok.

Napasinghap pa si Michelle sa makapugtong-

hiningang halik na iyon ng estranghero. Ngayon lamang siya nakaranas ng ganoon. Tila siya idinuduyan sa sensasyong inihahatid niyon. Agad nag-init ang kanyang katawan na kanina lamang ay nangangatog sa ginaw. Kahit kay Lex ay hindi pa nangyari ang ganito sa kanya. Hindi niya maipaliwanag kung bakit ganoon ang epekto niyon. At halik pa lamang iyon, how much more kung…

May ilang mga balahibong nagtaasan sa kanyang batok nang dumako ang mga labi nito sa kanyang leeg, pababa sa dibdib. Hindi niya alam kung paanong natanggalan ng butones ang blusa niya. Malayang nagpapanhik-panaog naman ang isang kamay nito sa kanyang likod pababa sa kanyang pang-upo.

Napaungol si Michelle nang tangkaing hawakan ng lalaki ang kanyang pagkababae, kasi pala ay naibaba na nito ang kanyang slacks, maging ang panloob niya. Nalaglag na iyon nang tuluyan sa sahig

Binuhat siya ng lalaki at dinala sa kama. Ilang saglit na nawala ito sa kanyang tabi para maghubad. Kitang-kita niya ang maganda nitong katawan na halatang alaga sa ehersisyo. Wala ni isa mang extra na taba roon.

Muli siya nitong kinubabawan. Hinalikan siyang

muli sa labi, sa pisngi, sa ilong, sa baba, pababa sa leeg. Darang na darang na siya sa sensasyong pinagsasaluhan nila.

"Pagkatapos ay puwede mo akong patayin kung gusto mo…" aniya habang nakapikit.

Ang binata na nakahanda na sanang angkinin ang dalaga nang tuluyan ay biglang napahinto. Ang nag-iinit na katawan ay parang binuhusan ng yelo sa narinig.

"Damn! At pagpapakamatay pa rin pala ang nasa isip mo," anitong may galit sa tono ng pagsasalita. Bumangon ito at hinagilap ang mga damit na hinubad.

Nagtaka naman siya sa ginawa nito. Ano ang problema ng lalaki at bigla na lang tumigil? Hindi naman niya ito pinahihinto. Nagkusang-loob siyang ibigay ang sarili dito na kahit sa nobyo niyang si Lex ay hindi pa niya naipagkakaloob.

"Bakit? Ano'ng problema?" di nakatiis na tanong ni Michelle sa lalaking nagsusuot na ng pantalon.

Madilim ang mukhang tinapunan lamang siya nito ng tingin. Matapos makapagbihis ay lumabas na ito ng silid.

NABUNGARAN ni Michelle ang lalaki sa kusina. Kasalukuyan itong nagkakape. May sinangag din, tinapay, hotdog at itlog sa mesa. Napansin niyang maayos na ang ayos ng lalaki. Wala na ang whiskers nito subalit naroon pa rin ang katigasan sa anyo nito. Wala itong kangiti-ngiti ngunit inalok naman siyang kumain. Katunayan ay may nakahanda na ngang pinggan at kape para sa kanya.

Si Michelle man ay maayos na ang pakiramdam. Ang napilayan niyang paa ay hindi na masakit ilakad matapos niyang pagtiyagaang hilutin at lagyan ng ice pack. Nagpalit na rin siya ng damit. Ang ipinalit niya ay ang damit na ipinahiram ni Jack. Ang mga damit niya ay nilabhan na rin niya at isinampay na.

Walang kimi na kumain siya habang abala ang lalaki sa pagbabasa ng newspaper. Matapos siyang kumain ay saka siya nito hinarap.

"Ako si Jack. Ikaw, sino ka?"

"Michelle," tipid niyang sagot.

"Siguro naman ngayon ay puwede na tayong mag-usap nang matino," anito sabay baba ng diaryong binabasa.

Napakurap-kurap siya dahil sa sobrang kapormalan nito. Naroon na naman ang pagsusungit,

tulad noong una silang magkita.

“Bakit ka napadpad dito sa bahay?”

Ilang saglit na nakatitig lamang si Michelle dito. Binigyan siya ng binata ng isang tanong na para sa kanya ay napakaselan. Ipagtatapat ba niya ang tunay na dahilan? Muling uungkatin ang kanyang katangahan at kabiguan sa isang lalaki? Hindi pa man ay tila ibig na namang bumagsak ng mga butil ng luha mula sa kanyang dalawang mata.

Hindi niya napigil ang sarili. Lihim niyang pinagalitan ang sarili dahil dati ay wala naman sa character niya ang pagiging iyakin.

Nataranta naman si Jack nang makitang umiiyak siya. Sa isang kisap-mata ay naiurong nito ang silyang inuupuan sa tabi ng dalaga. Inalo siya nito sa pag-iyak. Sumandig siya sa balikat ng binata at doon niya natagpuan ang sariling nagkukuwento ng lahat ng nangyari kung bakit siya napunta roon.

“Pareho pala tayo kung gan’on,” malungkot na saad ng lalaki, matapos siyang makapaglahad ng kanyang istorya. Lumambot na ang tinig nito.

“N-niloko ka rin ng kasintahan mo?” maang na tanong ni Michelle.

"Hindi ko alam kung panloloko ngang matatawag iyon. Dahil nagpaalam naman siya na lolokohin niya ako."

Kumunot ang kanyang noo; sandaling natigilan sa pag-iyak. Ngayon lang talaga siya nakarinig ng ganoon. Ipinagpapaalam pala ang panloloko?

"Hindi ko maintindihan," naguguluhan niyang sabi. May hinugot si Jack mula sa likuran ng pantalong suot—isang wallet. Mula roon ay inilabas ang isang larawan ng babae.

"Siya si Marilyn. Nobya ko."

"Maganda siya," komento ni Michelle matapos mapagmasdan ang litrato. Parang may lahing Chinese ang dalagang naroon.

"Maganda nga pero ambisyosa." May pait sa tono ni Jack.

Muli siyang napasulyap sa mukha ng binata. Nakita niya ang lungkot doon. Ang hapdi ng puso na itinatago lamang sa pagsusungit.

"Bakit?"

"Nagpakasal siya kay Don Benedicto Ravelo, ang mayamang matanda na kanayon nila sa Iloilo. Actually, isang linggo na ang nakakalipas mula

noong iwan niya ako."

"Kaya ba naglasing ka dahil sa kanya?" curious niyang tanong.

"Sabihin na nating oo, dahil totoo namang mahal na mahal ko ang babaeng iyon."

Parang may bumundol na kung ano sa puso ni Michelle sa nalaman. Mahal pa pala ng lalaki ang dating nobya. Bakit parang nakadama siya ng inggit para sa babaeng pinag-uukulan nito ng pagmamahal? Siguro kung ganito rin katapat ang pag-ibig ni Lex sa kanya ay tiyak na kaiinggitan din siya.

"Pero hindi ko naisip na magpakamatay," dagdag ni Jack at saka tumingin sa kanya.

Napahiyang nagyuko siya ng ulo. Alam niya na siya ang pinaruruunggitan nito.

"Baka hindi mo pala siya tunay na mahal kaya hindi ganoon katindi ang epekto sa 'yo," sagot niya sa patama nito.

"God knows how much. Kaya nga ang gusto ko'y makaganti. At kung tutuusin ay kaya ko siyang agawing muli sa lalaking iyon. Noong huling beses na nagkita kami'y inamin niyang ako pa rin ang mahal niya. Gipit lamang siya kaya nagawa niyang

magpakasal sa matandang iyon."

"Paano mo gagawin iyon? Ang sabi mo'y mayaman ang lalaking napangasawa ng nobya mo?" hamon ni Michelle.

Sa pagtataka niya ay ngumiti lang si Jack. At pagkatapos ay hinagilap ang kanyang kamay.

"Ikaw ang tutulong sa akin," anito.

"A-ako?" tanong niyang napantastikuhan. Nahihibang na ba ito para kasangkapanin siya sa isa na namang problema? Eh, mismong suliranin nga niya ay nakabitin pa rin at hindi pa rin niya alam kung paano lulutasin."

"Oo. Ang kailangan lang ay magtulungan tayo sa ikalulutas ng mga problema natin."

Napailing si Michelle nang ilang ulit. Hindi talaga niya maintindihan ang lalaki sa gusto nitong mangyari.

"Gusto mo bang magbalik uli sa 'yo ang boyfriend mo?"

Kinapa niya ang sariling damdamin. May pagmamahal pa ba siya kay Lex? Hindi niya sigurado roon. Pero isa ang tiyak: Namumuhi siya sa ginawa nitong panloloko sa kanya.

“Hindi ko na siguro siya mahal. Hindi ko gustong magbalik pa siya. Ang gusto ko na lang ay makaganti sa kanya at sa sekretarya ko.”

“Puwes, mangyayari iyon,” confident na ani Jack.

“Paano?”

“Tutulungan kita. Kailangang ipakita mo sa kanila na hindi ka naman talaga nadehado. Let’s pretend na may relasyon tayo.”

Napatangu-tango ang dalaga. May punto ang kausap. Mas mabuti na iyon kaysa magpatiwakal. At least sa ganoong paraan ay buhay ang pagkatao at maging ang pride niya. “Call ako diyan,” pagsang-ayon ni Michelle. “Pero paano naman kita matutulungan?”

“Ang gusto ko ay magbalik sa akin ang nobya ko. Same as Plan A. You will pretend as my girlfriend.”

Sandali siyang hindi nakapagsalita. Parang ngayon pa lamang, nag-iisip na siya kung tama bang makipagkasundo sa lalaking ngayon lamang niya nakita.

“’Tapos?” tanong niya. Ang lahat ay ibig niyang malaman.

“And then, siyempre kapag nalaman ito ni Marilyn ay magre-react siya. Mahal niya ako at magseselos iyon. Dahil takot siyang mawala ako sa kanya, makikipaghiwalay iyon sa asawa niya at sasama na uli sa ’kin,” mahabang litanya ng lalaki.

“Paano naman kung sa pagpapanggap natin ay magkagustuhan tayo. I… I mean, ang isa sa atin ay ma-in love sa isa?” tanong niya bago natutop ang bibig. Bakit ba sinabi pa niya iyon?

Tumawa nang maikli ang binata. Marahang binitawan ang dalawang kamay niyang hawak-hawak pa pala nito. “Hindi na iyon mangyayari. Ang muntik na nating pagkalimot kanina ay huli na. And I’m so sorry kung napagsamantalahan ko ang kahinaan mo.”

Napayuko si Michelle. “Ako naman ang may kasalanan at hindi ikaw. At saka wala na iyon sa akin.”

“Kung ganoon ay payag ka na talaga?”

Napaisip na naman siya. Sasang-ayon ba siya o hindi? Mabilis niyang pinagnilay-nilay ang mga consequences. Sa bandang huli ay namutawi ang pagnanais niyang makaganti sa taksil na nobyo. “Sige na nga.”

Ngumisi ang lalaki at kinamayan siya. Parang isang deal na nai-close nila ang usapan. Tuluyan nang nabuwag ang pader na nakapagitan sa kanila.

"S'AN KA BA NAKATIRA? Kung gusto mo'y ihahatid na kita," suhestyon ni Jack habang naghahanda si Michelle sa pag-alis. Itinitiklop lamang niya ang mga damit na ipinahiram nito sa kanya.

"Huwag na, lipas naman na ang sama ng panahon," tanggi niya kahit alam niyang mahihirapan siya. Nag-taxi lang siya patungo roon dahil nasa talyer ang kotse niya at mahirap maghanap ng masasakyan sa lugar na iyon.

"I insist. Gusto kong ihatid ka." Bago pa siya nakatutol ay mabilis na itong nakalabas ng bahay. Sumunod siya rito. Sa garahe pala nagtungo ang binata. Mula roon ay nakita niya ang kulay dark green na *BMW* nito.

Magara ang kotse at halatang alaga sa linis. Ito lamang yata ang pag-aari ng binata na nakita niyang malinis.

"Halika na," untag ni Jack sa kanya. Kasalukuyan na itong nasa loob ng kotse, bahagya lamang

sumungaw sa bintana at ni hindi nag-abalang muling bumaba at pagbuksan siya ng pintuan ng sasakyan.

Napabuntong-hininga ang babae. Si Lex ay pinagbubuksan siya ng pintuan ng kotse palagi. Pero nobyo niya ito kaya ganoon. Siguradong mami-miss niya ang pagka-gentleman ng dating nobyo kung si Jack parati ang makakasama niya.

Kunsabagay, ang mahalaga naman ay hindi siya nito binabastos.

"What the hell are you waiting for, Michelle? Come on!" muling tawag nito sa kanya. Doon pa lamang siya tila nagbalik sa realidad. Wala siyang nagawa kundi sumakay sa kotse nito.

Habang daan ay panay ang linga niya sa kanilang dinaraanan. At hindi iyon nakaligtas sa mapanuring mga mata ni Jack.

"Why?" usisa nito.

"Malayo rin pala ang natakbo ko kagabi," tipid niyang turan.

"San Bartolome itong street na ito."

"San Vicente ang street na pinanggalingan ko."

"Kung gan'on ay dalawang street din ang

natakbo mo," nakangiting sabi nito. Napangiti rin siya sa kanyang ka-weirdo-han.

"Maganda ang kotse mo. Bago ba ito?" pag-iiba niya sa usapan.

"No. Hiram ko lang ito."

"Hmm… nahihiram na pala ang ganito kagandang kotse."

"Sa pinsan ko. Mayaman kasi iyon."

Napatangu-tango lang si Michelle. Imposible nga namang makabili ng ganoon kagarang sasakyan ang binata dahil tingin niya sa bahay nito ay mukhang hindi naman pang may-pera.

"So saan ka nagwo-work?" pagbubukas niya ng mapag-uusapan.

"Sa farm. Katiwala ako ng pinsan ko doon. Siya rin ang may-ari nitong kotse. Ikaw?" balik-tanong ni Jack habang ang tingin ay nakatutok pa rin sa daan.

"I'm a lawyer."

"Hmm… interesting," anito na mukhang humanga sa kanya.

# 3

Ilang minutong naghari ang katahimikan sa pagitan nila matapos ang maiksing conversation. Minabuti ni Jack na buksan ang cd player ng kotse. Isang love song na inawit ni David Pomeranz ang pumailanlang. *'Until I Fall In Love Again'* ang title niyon. Sinabayan ni Michelle ang awitin ngunit mahina lamang. Kahit papaano ay nabawasan ang tensyon na namamagitan sa kanila.

"You like the song?" untag ni Jack.

"Yes, maganda ang lyrics."

"Sige, theme song na natin iyan," sabi nito na totoong ikinatawa niya.

"Bakit may theme song pa tayo?" nakangiti pa ring tanong ng dalaga.

"Magpapanggap tayong magkasintahan, di ba? So dapat mayroon tayong theme song."

Napailing lamang si Michelle. Ang totoo ay nababaduyan siya sa ganoon at kahit noong sila pa ni Lex ay hindi siya nagkaroon ng kahit isang paboritong kanta.

Ilang sandali pa ay narating na nila ang bahay niya na isang two-storey Mediterranean house. Pinapasok niya ang lalaki at dinulugan ng inumin. Sumunod ito sa kanya sa kusina.

"Nice place. Maganda at malinis," puri ng binata habang siya naman ay abala sa pagpe-prepare ng tanghalian para sa kanilang dalawa.

"Thanks," aniya.

"Parang nahiya tuloy ako na makita mo ang bahay ko. Magulo at kulang sa linis."

"Maganda rin naman ang bahay mo. Malawak pa ang bakuran," aniya.

Ngumiti ito sa kanya na ewan kung bakit parang tumigil ang pag-ikot ng mundo niya nang makita ang pantay-pantay at mapuputi nitong ngipin. Guwapo palang lalo ang binata kapag nakangiti.

"Ano ba iyang niluluto mo?" Ang tanong nitong iyon ang pumukaw sa pansamantala niyang pagkakatitig dito, na ewan niya kung nahalata ba nito o hindi.

"Sinigang na bangus sa miso. D-dito ka na kumain," imbita niya. Subalit lihim na pinagagalitan niya ang sarili sa parang ninenerbyos niyang tinig.

*God!* usal ni Michelle. Bakit tila ngayon pa lamang niya natutuklasan ang mga bagay na dati namang wala sa kanya? May nerbiyos pala siya.

“Sige, titingnan ko kung puwede ka nang mag-asawa.” Nakangiti pa rin ang lalaki habang pinapanood siya sa ginagawa.

Tumalikod siya at kunwari ay abalang tinitingnan ang nakasalang sa kalan. Parang nanghihina siya dahil batid niyang nakatingin sa bawat kilos niya ang binata. At bakit kinikilig siya na tila teenager sa nagaganap?

“MMM… it tastes good. Mas masarap pa ito sa luto ni Yaya Maring,” nakangiting puri ni Jack sa niluto niya.

Kiming napangiti rin si Michelle. Sinarapan niya talaga iyon para matuwa ang lalaki. Pero ang hindi nito alam, ang putaheng iyon lang talaga ang alam niyang lutuin. Dahil palaging abala, puro de lata lamang ang inihahanda niya sa sarili.

Pagdaka ay rumehistro sa isip niya ang binanggit nitong pangalan. “Yaya Maring, who?”

“Ah, iyon?” Napakamot muna ito sa batok bago

sumagot, “Tagapagluto iyon ni ’Insan Romeo sa farm.”

Napatango uli siya. Napansin niyang itinuon na ng lalaki ang pansin sa kinakain. Mukhang sarap na sarap talaga ito sa luto niya. Kay gandang pagmasdan ng binata habang abala ito sa pagkain. Lalaking-lalaki ito kung kumilos, pati na rin sa pagnguya.

Tunog ng telepono sa salas ang nakapagpapitlag sa kanya mula sa pagkakatingin kay Jack. Dahil katabi lamang naman ng kusina ang salas ay mabilis siyang nakapunta roon, matapos magpasintabi sa lalaki.

Si Lex ang nasa kabilang linya. Ilang minuto siyang hindi nakakibo. Hinayaan niya ang dating nobyo na magsalita nang magsalita. Ibig ng dating katipan na humingi sa kanya ng paumanhin at makipagkita sa isang lugar.

Sandali siyang nag-isip. Dumako ang tingin ni Michelle kay Jack na nasa kusina. Nakatingin din ito sa kanya at tipong alam kung sino ang kausap niya nang sandaling iyon.

Muli niyang narinig ang tinig ni Lex sa kabilang linya. Nagmamakaawa ang tono nito; naghihintay ng kanyang sagot. At natagpuan niya ang sariling

pumapayag sa gusto nito.

"Mabuti naman at pumayag ka," kaagad na naging komento ni Jack matapos niyang sabihin dito ang naging desisyon niya sa imbitasyon ni Lex. Ang buong akala niya ay magagalit ito sa naging hakbang niya. "In that case, may pagkakataon ka nang ipakitang hindi ka naman talaga nasaktan sa paghihiwalay ninyo."

"Pero nakita niya kung paano ako naapektuhan ng mga ipinagtapat ni Mia."

"Madali iyon. Sabihin mong nabigla ka kaya nakapag-react nang ganoon. Magkaiba ang nabigla sa nasaktan," sabi pa nito.

Naguguluhang nagsimula na niyang ligpitin ang kanilang pinagkainan. Tinulungan siya ng binata.

"Mahihirapan 'ata ako sa pagkukunwaring ito, Jack," malungkot niyang saad. Hanggang ngayon ay dama pa rin niya ang sakit ng kalooban sa ginawang panloloko ng dating nobyo.

"Kaya nga nandito ako para tulungan ka." Ginagap ng lalaki ang dalawa niyang kamay. "Gagampanan natin ang papel ng tunay na magkasintahan."

Napatitig siya rito nang ilang saglit. Derecho

ring nakatitig ang mga mata nito sa kanya. Mula roon ay nabasa niya ang sincerity ng mga sinabi nito. Kahit paano ay napanatag siya. Tama nga sigurong magkasama sila para matulungan ang isa't isang isalba ang mga puso nilang nasaktan.

MASAYA SILANG naghiwalay ni Jack nang araw na iyon. Dederecho raw ang binata sa farm dahil may ilang problemang aayusin doon. Si Michelle naman ay minabuting magpahinga sa bahay sa buong araw na iyon at nang sumunod na araw na tumungo sa trabaho sa firm at inihanda ang sarili sa muling pagkikita nila ni Lex.

Ngunit bago ang lahat, kailangang maresolbahan muna niya ang gusot sa pagitan nila ng magaling niyang sekretarya.

"No, hindi ko matatanggap ang resignation mo, Mia." Ibinalik ni Michelle ang papel na iniabot ng babae sa kanya.

"Pero, Ma'am Michelle, ito lamang ang dapat kong gawin para mapanatag na tayong lahat. Magkakasama tayo sa trabaho at ayoko na may gap na namamagitan sa atin," sabi nito na nanatiling nakatayo sa harapan ng mesa niya. Siya naman ay

kampanteng naupo sa kanyang swivel chair. Hindi niya ipinahalata rito na apektadong-apektado pa rin siya sa mga nangyari.

“Let’s forget about all those things, Mia. Ibalik natin ’yung dati nating samahan. Isipin na lamang natin na walang nangyari. Ang totoo ay nabigla ako sa mga sinabi at ipinagtapat mo n’ong isang gabi, pero sa maniwala ka o sa hindi, hindi iyon nakaapekto sa akin nang malaki.”

Naguguluhang napakunot-noo ang sekretarya. Kitang-kita kasi nito ang sakit at galit sa mga mata ni Michelle noong gabing malaman niya ang katotohanan. Subalit ngayon ay tila hangin na dumaan lamang sa kanya ang mga pangyayari.

“May ipagtatapat ako sa ’yo, Mia,” pagpapatuloy niya. Tahimik lamang ang babae at matamang nakinig.

“May boyfriend ako. Kahit kami pa noon ni Lex ay nagkaroon na ako ng kaugnayan sa iba.” Napaawang ang bibig nito. “Gusto ko na nga sanang ipagtapat iyon kay Lex at sabihing hindi na siya ang mahal ko, pero noon ko naman kayo nakita sa apartment niya. Nabigla ako noon, dahil ako ang nasorpresa sa halip na siya.”

"Kung gan'on sino ang lalaking nagkaroon ng kaugnayan sa 'yo?" Ramdam ni Michelle na napaniwala niya ito sa imbento niyang kuwento.

"Sasabihin ko rin sa 'yo iyon, pero ipangako mong hindi ka na magre-resign. Ayokong dagdagan pa ang bigat ng aking konsyensya dahil hindi ako naging tapat kay Lex."

"Pero hindi rin kami naging tapat sa 'yo, Ma'am Michelle," tungo ang ulong amin ng dalaga.

May tila sumundot sa kanyang puso na likas na maawain nang makita ang sinseridad ni Mia. Pero ang lahat ay sadyang may kabayaran at naniningil lamang naman siya. Sabihin nang nagkamali ang mga ito ng binangga.

"Pare-pareho lamang tayong biktima ng pagkakataon, Mia. At ngayong maayos na ang lahat, hayaan na nating lumigaya tayo sa piling ng mga mahal natin."

Tumango ito at ngumiti. "Sana ay mapatawad n'yo rin ako, Ma'am Michelle."

Gumanti siya ng ngiti. "Magtrabaho na uli tayo," masiglang saad niya. Tumalima na ito.

Nang makalabas ang babae ay nagmamadaling

inabot niya ang kanyang cellphone at pinindot ang numero ni Jack. Ilang saglit pa ay kausap na niya ito sa linya.

"Very good, Michelle. You did well!" komento ni Jack matapos niyang ilahad ang nangyari.

"Oo nga, pero bakit parang di ako masaya?"

"Dahil hindi pa naman ganap ang ating tagumpay, Michelle. But sooner or later mararamdaman mo na ang saya."

"Mamaya ay si Lex naman ang kakausapin ko," aniya matapos bumuntong-hininga.

"Just go on with the plan. I know you can do it." Kahit hindi nakikita ang lalaki ay batid niyang malapad ang pagkakangiti nito; patuloy na pinalalakas ang kanyang loob.

"Kailan naman natin sisimulan ang tungkol sa kaso mo?" pag-iiba niya sa usapan na ang tinutukoy ay ang pinaplano naman nito laban sa dati nitong nobya.

Tumawa nang maikli ang lalaki bago sumagot. "Mukhang gusto mo na agad sumabak ng aking abogada sa isa na namang kaso, ah," biro ni Jack.

"Hindi ko naman dapat urungan 'yon, di ba?

Nasa plano na natin iyon," turan niyang hindi nadala sa biro nito.

"Take it easy, honey. Idi-discuss ko sa 'yo mamayang gabi ang plano ko tungkol d'un, pag-uwi mo galing sa date ninyo ng ex-boyfriend mo," anitong sadya atang idiniin ang 'ex'.

"Sige, tawagan mo na lang ako para—"

"No. Pupunta ako d'yan sa bahay mo mamaya," maagap na salo ni Jack.

"O-okay, ikaw ang bahala." Alam niyang walang magagawa ang pagtutol niya sa gusto nito.

"All right, see you later na lang."

"Okay, ' bye."

PARANG GUSTO nang umatras ni Michelle nang makita niya si Lex na matiyagang naghihintay sa kanya sa loob ng restaurant. Salamin lamang ang wall ng kainan kaya kahit nasa labas pa siya ay kitang-kita na niya ang dating katipan sa kinauupuan nito. Kabababa lamang niya noon ng taxi na sinakyan niya.

Mukhang haggard ang hitsura nito at halata sa

mukha nito ang problemang pinapasan. Marahil ay nagi-guilty ito dahil sa nangyari.

Ganunpaman, ipinasya niyang tumuloy na rin. Sabi nga ni Jack, just go on with the plan. Agad siyang nakita ni Lex nang pumasok siya sa restaurant.

Humila agad ito ng silya para sa kanya nang makalapit. Pagkatapos ay kinimbatan ang waiter para sa kanilang order. Natapos ang kanilang pagkain na ang tanging pinag-usapan lamang nila ay ang tungkol sa kung anu-ano. Nagdi-desert na sila nang hagilapin ng binata ang kaliwang kamay niya na nakapatong sa mesa.

"I… I really don't know kung saan ako mag-uumpisa, Michelle," naghihirap ang kaloobang sabi nito.

Derecho siyang tumitig sa mga mata nito. Ibig ni Michelle na arukin ang katotohanan at sinseridad sa mga sinasabi nito ngayon. Ayaw na niyang maloko sa pangalawang pagkakataon.

"I feel so g-guilty at inaamin ko ang kasalanan ko. Pero sa maniwala ka at sa hindi, sa umpisa lang ako hindi naging tapat sa 'yo. Habang lumalaon ay na-realize kong umiibig na rin ako sa 'yo."

"Kasinungalingan ang lahat ng sinasabi mo, Lex.

Taliwas iyan sa lahat ng narinig kong usapan n'yo ni Mia." Galit na hinila niya ang kanyang kamay.

"Yes, I know. Pero iyon ay dahil kinukumbinsi ko si Mia na huwag gumawa ng maling hakbang. Mahal na kita, pero hindi ko rin gusto na maging pangit ang wakas namin ni Mia. Bumubuwelo lang ako."

"Huli na ang lahat, Lex. Nang masaksihan ko ang tagpong iyon ay nabatid kong hindi naman pala talaga kita mahal."

Lalong lumatay sa mukha ng kaharap ang lungkot at kasawian sa sinabi niya. Siya man ay ibig na ngang maluha. Hindi maitatatwa ni Michelle na mahalaga pa rin naman ang lalaking ito sa kanya. Pero ang hindi na siya sigurado ay kung mahal pa ba niya ito.

"Lex, m-may iba nang lalaki sa buhay ko ngayon."

Napakunot-noo ang lalaki. "Ganoon kabilis mo akong napalitan?" May hinanakit sa tono ng salita nito.

"Noon pa iyon, Lex. Hindi ko lang magawang ipagtapat sa 'yo ang lahat," pagsisinungaling ni Michelle. At nais niyang palakpakan ang sarili dahil napakagaling pala niyang magkunwari. Magaling

siyang artista.

"No, that's not true. Ako pa rin ang mahal mo at patutunayan ko iyan!" Biglang rumehistro ang galit sa mukha nito. At bago pa niya malaman kung ano ang gagawin nito ay mabilis na itong nakalapit sa kinauupuan niya. Nadukwang siya nito para gawaran ng mapusok na halik sa labi.

Wala na roon ang tamis na dati nilang pinagsasaluhan. Manapa ay parang nandidiri pa nga siya sa pagkakadaiti ng mga labi nila. At ngayon niya napatunayan na hindi na talaga niya ito mahal. She was not sure, but perhaps she never had really loved him at all. Itutulak na sana niya ito nang may malakas na kamay na humalbot kay Lex. It was Jack. Sinuntok nito ang ex-boyfriend.

Napahumindig si Michelle sa nangyari. Hindi niya inaasahan ang pagsulpot ng bagong kakilala sa restaurant na iyon.

Mag-asawang suntok ang pinakawalan ni Jack sa dati niyang nobyo at balak pa sana nitong gawing tatlo subalit mabilis na niya itong naawat. Dumating na rin ang mga security guard doon at tinulungan si Lex na makatayo. Nakita niyang dumudugo ang bibig ng dating katipan ngunit hindi maipagkakaila ang nagbabanta nitong titig kay Jack.

"Ano? Lalaban ka pa, ha!" singhal ni Jack na ang pupumilit namang makawala sa pagkakayakap niya.

"Hindi pa tayo tapos." Iyon ang iniwang salita ni Lex bago tuluyang lumabas ng restaurant. Inis na kumalas si Jack sa yakap niya at lumabas na ng lugar na iyon. Naiwan siyang nakatulala. Saka pa lamang niya napuna ang mga taong nag-uusyoso sa nangyari. Napapahiyang sumunod na rin siyang lumabas kay Jack.

SA LOOB NG KOTSE ni Jack ay wala silang imikan. Nakatuon lamang ang atensyon nito sa pagmamaneho. Samantala, siya naman ay lumilipad ang isip sa kung saan-saan, partikular sa naganap sa restaurant. Napansin niyang iba ang daang tinatahak ng kanilang sasakyan. Hindi iyon ang pauwi sa bahay niya.

"Saan tayo pupunta?" takang tanong ni Michelle.

"Sa farm," tipid na sagot nito habang iginigiya ang sasakyan paliko. Hindi ito lumilingon sa kanya at madilim ang mukha.

"Bakit dito mo ako dinala?" muling tanong niya nang nasa loob na sila ng mala-palasyong bahay

na ewan niya kung sino ang may-ari. Wala naman siyang nakitang ibang tao roon kundi ang isang matanda na narinig niyang tinawag ni Jack na 'Yaya Maring'.

"Doon tayo sa kuwarto mo." Hinila ng lalaki ang kamay niya; hindi pinansin ang nauna niyang tanong.

Nagpumiglas siya. "At bakit ako pupunta doon? Sagutin mo ang tanong ko, puwede?"

Nagsalubong ang mga kilay ni Jack. Tila inis na napasabunot ito sa sariling buhok. "At saan mo kita gustong dalhin, sa bahay mo?"

"Bakit hindi, bahay ko iyon!"

"Eh, kung balikan ka ng Lex na 'yon? Nakita mo naman kung gaano ang sama ng tingin niya sa atin."

Tuluyan na siyang nainis. At ano ang akala ng lalaking ito sa kanya, na hindi niya kayang ipagtanggol ang sarili niya? Ginagawa siya nitong parang bata.

"Kung bakit kasi nakialam ka pa kanina," paninisiniya.

"Dahil lumalampas ka sa pinag-usapan nating plano."

“Anong plano? Hindi mo naman kasi narinig ang usapan namin kaya hindi mo talaga alam kung may sinira ako sa plano natin,” inis na aniya.

“Wala sa plano natin na magpahalik ka sa taong iyon,” asik ng binata. Halos mag-isang guhit na lang ang mga kilay nito sa tindi ng pagkakasalubong noon.

Napaaawang ang kanyang bibig. Kung hindi malinaw sa kanya na kunwa-kunwarian lamang ang pagiging magnobyo nila, iisipin niyang nagseselos ito.

“Sisiguruhin ko munang okay ang lahat bago ka bumalik sa trabaho mo at sa bahay mo,” anito na medyo bumaba ang tono subalit naroon pa rin ang diin sa bawat kataga nito.

Magpoprotesta pa sana si Michelle nang marinig ang boses ni Yaya Maring. Nakahanda na raw ang pagkain. Wala siyang nagawa kundi ang dumulog kasalo si Jack na hindi man lang tumingin sa kanya.

# 4

"What's this?" bugnot na tanong ni Jack matapos niyang iabot ang itinerary niya para sa isang buong linggo.

"My schedule. Just in case na balak mo pala akong buruhin dito, then sa pamamagitan ng kapirasong papel na iyan ay makakapagprotesta ako," tuluy-tuloy na sabi ni Michelle sabay yakap sa sarili. Malamig ang hangin sa kinaroroonan nilang balkonahe at gabi na rin naman. Ibig nga niyang magsisi kung bakit hindi niya napatungan ng robe ang kanyang pantulog. Kunsabagay hindi naman seductive ang yari niyon. Hindi nga iyon tinapunan man lang ni Jack ng tingin.

"Hindi na kailangan dahil bukas na bukas din ay makakauwi ka na sa bahay mo at makakapasok ka na sa opisina," anito.

Nagliwanag ang mukha ni Michelle sa sinabi ng lalaki. Totoong napakaimportante ng trabaho para sa kanya at hindi niya makakayang hindi pumasok nang ilang araw sa opisina.

"Talaga? P'wera biro?" nakangiti niyang tanong.

"Oo, but in one condition." Hindi man lang ito ngumiti.

"What?" aniyang medyo kinabahan nang makita ang kaseryosohan sa mukha ng binata. Mula pa kaninang dumating sila ay di na niya nasilayan ang matamis nitong ngiti. At bakit ba parang nami-miss niya iyon?

"Magha-hire ka ng isang personal assistant mo sa opisina."

"Personal assistant! What for? May sekretarya naman ako," nalilitong aniya.

"I want to make sure na may magbabantay sa 'yo, just in case na may kalokohan na namang gawin ang ex-boyfriend mo."

Napabuga siya ng hangin. "At saan naman ako kukuha ng personal assistant nang ganoon kabilis?"

"Meron na, si Jessa. Isa siya sa pinagkakatiwalaan dito sa farm ni 'Insan Romeo. Magaling siya at palagay ko'y madali naman siyang makakapag-adjust bilang personal assistant mo."

"Pero—"

"At kailangang tanggapin mo siya. Don't worry, sagot ko ang salary niya."

“Jack, hindi iyon ganoon kadali! Nakausap ko na si Mia at sinabi kong hindi ko siya tatanggalin bilang sekretarya ko. Akala ko ba malinaw sa ’yo na kailangang mag-stay ni Mia sa firm para maisagawa nang maayos ang plano?” tuloy-tuloy niyang sabi. Hindi niya alam na napakahirap palang kausapin ng lalaking ito. Hindi niya itinagong nagagalit na talaga siya.

“Sino ba’ng may sabing tanggalin mo na si Mia bilang secretary mo?” Halatang pinipigilan lamang nito ang galit. “Idadagdag mo lang si Jessa. Siguro naman sa dami ng ginagawa ng sekretarya mo ay matutuwa pa iyon kung dalawa silang magtutulong sa trabaho. At isa pa, titira si Jessa sa bahay mo.”

“Ano!” bulalas ni Michelle. “Ano ba ’to?” Napantastikuhan na talaga siya sa ibig mangyari ni Jack.

“Kailangang may nakakasama ka sa bahay para hindi malayang makapunta doon si… ang ex mo.”

Tuluyan nang napikon si Michelle. At ano ang akala ng lalaking ito sa kanya? Na hindi niya kayang ipagtanggol ang sarili niya? Para ano pa at naging abogada siya kung ang sarili niya ay hindi niya kayang ipagtanggol? Sa sobrang inis ay nag-walk-out siya.

“Hoy! Kinakausap pa kita,” tawag ng binata sa kanya.

Ngunit hindi niya ito nilingon. Mas mabuti pang magkulong sa silid na pinagagamit sa kanya kaysa makipag-usap sa chauvinist na iyon. Basta na lang itong nagdedesisyon nang ni hindi tinatanong ang gusto niya.

Nasa may tapat na siya ng pinto nang abutan ni Jack. Handa na sana niyang buksan iyon, pero marahas nitong hinila ang braso niya.

“Huwag mong gamitin sa akin ang pagiging abogada mo, okay? I am just giving you a favor. Para sa kapakanan mo rin ito. Ngayon, kung ayaw mong tumira sa ’yo si Jessa, kailangan mong kumuha ng maid o guard para may kasama ka sa bahay.”

“Just the same, ayoko ng lahat ng isina-suggest mo at pinaplano,” mariin niyang deklara at saka hinila ang braso mula sa pagkakahawak nito at walang sabi-sabing pumasok sa silid.

KANABUKASAN ay hindi na naabutan ni Michelle si Jack sa malaking bahay. Nagtungo umano ito sa farm at ang pinsang si Romeo ang naatasan upang maghatid sa kanya. Pinsan umano ito ng ‘nobyo’

niya at siyang may-ari ng malaking bahay na iyon at ng farm.

Nagngingitngit man ang kalooban ay hindi niya iyon nailabas dahil wala naman ang taong pagsasabugan niya ng galit.

Matiwasay siyang naihatid ni Romeo sa bahay niya. Niyaya niya itong pumasok subalit tumanggi ang bagong kakilala. Saka na lamang daw dahil may mahalagang bagay pa raw itong gagawin.

Pagpasok niya ng bahay ay agad na nag-ring ang telepono. Mabilis niya iyong sinagot. Si Jack ang nasa kabilang linya. Agad bumangon ang galit niya.

"Nasaan ka na? Bakit hindi ikaw ang naghatid sa akin? Iniiwasan mo ba ako? Galit ka ba sa akin?" sunud-sunod na tanong ni Michelle.

"Whoa! Wala tayo sa harap ng husgado, okay? First question, saan mo ba ako iniwan? Sa farm, di ba? Kaya nandito ako. Pangalawa, binibigyan lang kita ng kasiyahan dahil alam ko namang ayaw mo akong makita. Pangatlo, hindi kita iniiwasan. At pang-apat, oo, galit ako sa 'yo."

Lalong nagbangon ang inis ng dalaga. Kung alam lang nito na ito talaga ang ibig niyang makasama at

hindi ang pinsan nito. At ano ba ang ikinagagalit nito sa kanya?

"Pumunta ka dito at nang makapag-usap tayo nang masinsinan, Jack."

"I can't. Tulad mo, marami din akong appointments ngayong araw. At kung gusto mo, maghintay ka hanggang mamayang alas siete ng gabi."

"How dare you! Ngayon kita gustong makausap," aniyang tumitili na sa tindi ng pagkainis. Lalong pa siyang nabuwisit dahil ibinaba na ni Jack ang telepono.Tinangka niyang muli itong tawagan subalit busy tone na ang tumutugon.

Bugnot na bugnot na nag-ayos na lamang siya ng kanyang sarili at naghanda para pumasok sa opisina.

"GOOD MORNING, Ma'am! I'm Jessa Santillon, reporting as your personal assistant," bungad ng isang matabang babae sa loob ng pribado niyang opisina.

"G-good morning," wala sa loob na tugon ni Michelle. Hindi niya akalaing madadatnan agad ang

babaeng tinutukoy ni Jack sa loob mismo ng opisina niya.

Napansin niyang may sarili na itong desk sa loob mismo ng opisina niya. Samantalang si Mia ay hindi nagrereklamo kahit nasa labas ng silid ang mesa. Hindi siya sanay na may kasama sa iisang kuwarto kaya ang sekretarya niya ay sa labas niya pinapuwesto.

Muli siyang tumingin sa babae. Ngumiti ito sa kanya. "Isa ka pala sa pinagkakatiwalaang mamalakad sa farm ni Romeo."

"Opo, at halos doon na rin ako lumaki sa farm. Ang mga magulang ko ay katiwala din doon," sagot nito.

"Ahm… so are you going to live with me?"

"Yes, Ma'am. Iyon po ang kabilin-bilinan ni Sir Jack."

"S-Sir Jack? Akala ko ba ay katiwala lang din si Jack sa farm? Bakit mo siya tinatawag na 'sir'?" maang niyang tanong.

"Ha? N-nasanay na po kami ng ganoon. Kasi ho ay pinsan siya ng may-ari," anitong lumikot ang mga mata.

“So, anong oras ka dumating? Nakilala mo na ba si Mia?”

“Yes, Ma’am, nakilala ko na po siya. Eight forty-five po ako dumating kanina.”

“Hmm…” Napatangu-tango siya. Mukha namang mabait ang kanyang personal assistant. Wala naman sigurong problema. And if ever na magkaroon siya ng kunsumisyon dito, si Jack ang nararapat niyang sisihin.

Ilang saglit pa ay nasa kondisyon na siya para magtrabaho. Ang buong akala niya ay masu-suffocate siya kapag may kasama sa silid, hindi pala. Masarap katrabaho si Jessa. May sense of humor ito kaya kahit abala sila sa ginagawang trabaho ay nagkakatawanan sila.

Nawala lang siya sa mood nang dumating si Lex at ayain siyang mag-lunch. Nang hindi siya pumayag ay nagbanta ito na magwawala. Napilitan siyang sumama. Naiwan si Jessa na mukhang nag-aalala. Si Mia naman ay halatang galing sa pag-iyak. Siguradong may kinalaman iyon sa pagla-lunch nila ni Lex.

*Oh, my God! Ano ba itong napasok ko?* naisip niya.

"MA'AM MICHELLE, narito po si Sir Jack sa salas," tawag ni Jessa sa kanya sa pagitan ng pagkatok sa pinto ng kanyang silid. Tulad ng napag-usapan, kasama niyang tumira sa bahay si Jessa. Masipag naman ito at masarap magluto. Bagay na wala siyang mairereklamo.

"Sabihin mong may ginagawa ako; maghintay siya," tugon niya na hindi na nag-abalang buksan ang pinto. Ang totoo ay wala naman siyang ginagawa. Ibig lamang niyang gantihan ang binata. Kanina ay gustung-gusto niya itong makausap at ito ang may ayaw. Ngayon ay ito naman ang makakatikim ng paghihintay.

Kinuha niya ang pocketbook sa ibabaw ng tokador. Magbabasa muna siya at hahayaang maghintay si Jack sa salas. Napahagikgik siya sa kapilyahan dahil alam niyang sa mga oras na iyon ay nagsisimula nang umusok ang ilong ng kunwa-kunwarian niyang nobyo. May labing limang minuto na siguro siyang nagbabasa nang gulantangin ng malalakas na pagkatok ni Jack.

"Lalabas ka ba d'yan, o gigibain ko itong pinto?" sigaw nito.

Napatawa si Michelle. Sinasabi na nga ba niyang magwawala ito na parang dragon.

"Michelle, I'm warning you. Kapag nakapasok ako d'yan, pipilipitin ko iyang leeg mo."

Ganoon? As if naman na kaya nga nitong gawin iyon. *Over my gorgeous dead body! Ihahagis ko muna siya sa bintana bago niya magawa iyon*, aniya sa sarili. Muli niyang ibinalik ang atensyon sa binabasa.

"Sir Jack, a-ano'ng gagawin mo?" nag-aalalang bulalas ni Jessa. Narinig iyon ni Michelle mula sa loob ng silid. Tila natataranta ang assistant niya.

"Gigibain ko lang naman 'tong pinto," narinig niyang tugon ni Jack.

Napahumindig si Michelle. Tototohanin nga yatang gibain ng walanghiya ang pinto niya! Patakbo siyang lumapit sa pintuan at binuksan iyon.

Nakita niyang may hawak nang palakol si Jack at tila handa nga nitong wasakin ang pinto ng kuwarto niya.

"How dare you!" naniningkit ang mga matang duro niya sa lalaki.

"Lalabas ka din pala'y ang dami mo pang arte," sabi nito sabay abot ng palakol kay Jessa na nasa likod lamang nito. Tumalima naman ang assistant upang ibalik iyon sa dating lalagyan.

Samantala nagpatiuna na si Michelle na maglakad patungo sa salas. Sumunod sa kanya ang binata.

"Magkaliwanagan nga tayong mabuti, Michelle. Gusto mo pa bang magkabalikan kayo ng ex mo o ayaw mo na?"

"Ayoko na," tipid niyang sagot saka pabagsak na naupo sa sofa.

"Kung ganoon, bakit sumama ka pang mag-lunch sa kanya?"

"Paano mong nala—" Naputol ang itatanong sana niya nang mamataan si Jessa sa kusina. Siguradong ang personal assistant niya ang nagsabi rito. After all, kanino ba ito dapat kumampi? Si Jack naman ang nagpapasuweldo rito.

"Ano'ng gagawin ko? Eh, sa magwawala 'yung tao kapag hindi ako sumama."

"Sana tinawagan mo ako," anito.

"Ikaw? Ayaw mo ngang makipag-usap sa akin. Remember, you said seven o' clock ka pa available," napahalukipkip na sabi ng dalaga. Napipikon na talaga siya.

"Nasabi ko lang iyon dahil naiinis ako sa 'yo.

You're so stubborn."

"'Ayan ang nagiging bunga ng pagiging bugnutin mo. Nasisira tuloy ang plano natin." Salubong pa rin ang mga kilay niya.

Nagbaba na ng boses ang binata. Naupo na rin ito sa sofa at tumabi sa kanya. "Okay, I'm sorry. Hindi ko lang kasi alam kung saan ako magsisimula sa 'yo. Kapag kasi may ginawa ako ay nagagalit ka na naman."

"Hindi ako magagalit. Ang gusto ko lang ay nariyan ka para hindi mabulilyaso ang plano," kumalma na ring aniya.

"Okay, okay. Simula bukas, promise, I'm going to act like a real boyfriend," nakangiti nang tugon ni Jack.

"O, sige na. Ano pa nga ba'ng magagawa ko?" aniyang lumabi.

"Oh, come on. 'Wag ka nang magalit." Kinabig siya ng lalaki at isinandal sa matipuno nitong balikat. Ewan kung bakit wala naman siyang nadamang pagtutol sa ginawa nito.

"'Ayan! Kung ganyan ba naman kayo ka-sweet, eh di, very convincing ang arte n'yo," palatak ni Jessa

nang makita sila sa ganoong tagpo. Hindi lingid sa babae ang mga plano nilang dalawa. Well informed ito at mapagkakatiwalaan.

Parang napasong umalis si Michelle sa pagkakasandal sa balikat ng binata. Subalit kinabig siyang muli ni Jack and this time may kasama na iyong mahigpit na yakap.

“Don’t be shy. Practice lang naman,” anitong kumikislap ang mga mata.

Kinurot niya ito sa tagiliran. “Feel na feel mo naman.”

“Aray! Hindi, ah.”